Republic of the Philippines
Department of Education
Region XI
Division of Butuan
San Carlos District
**MATALANG CENTRAL ELEMENTARY SCHOOL**

**QUARTER 1 SUMMATIVE TEST NO. 2**

| Mga Layunin | CODE | Bahagdan | Bilang ng Aytem | Kinalalagyan n Bilang |
|---|---|---|---|---|
| Nakasasagot sa mga tanong tungkol sa nabasang kwento at tekstong pang-impormasyon. | **F5PN-Ia-3.2** | **50%** | **10** | **1-10** |
| 1. Nakasusulat ng isang maikling tula<br>2. Nakasusulat ng isang talatang nagsasalaysay<br>3. Nakasusulat ng maikling talambuhay | **F5PU-Ie-2.2**<br>**F5PU-Ie-2.1**<br>**F5PU-IIC-2.5** | **50%** | **10** | **11-20** |
| **Kabuuan** | | **100** | **20** | **1 – 20** |

**GRADE 5 – FILIPINO**
**www.guroako.com**

Republic of the Philippines

Department of Education
Region XI
Division of Butuan
San Carlos District
**MATALANG CENTRAL ELEMENTARY SCHOOL**

FILIPINO 5
Summative Test No. 2
www.guroako.com

Name: ____________________________________________ Date: ___________ Score: _______

**I. A. Panuto:** Basahin ang sumusunod na kuwento at sagutin ang mga tanong batay sa binasa.

**BOTE DIYARYO**

Kapag bakasyon, maraming bata ang nag-iisip kung paano kikita ng pera. Nagtitinda ng dyaryo si Luis tuwing umaga. Nilagang mais at saging naman ang itinitinda ni Karen.

"Luis, magkano ang kinikita mo sa pagtitinda ng dyaryo?" tanong ni Karen. "Humigit-kumulang sa isandaang piso araw-araw," sagot ni Luis. "Ibinibigay ko kay Nanay ang kalahati at inihuhulog ko sa alkansya ang natitira," dugtong pa niya. "Ikaw, magkano ang kinikita mo?" tanong ni Luis kay Karen.

"Katulad mo rin. Nakapagbibigay din ako kay Inay at nakapag-iipon pa ako," sagot ni Karen.

"Dyaryoooo! Boteee!" ang sigaw ng isang binatilyo na may tulak ng kariton. "Malaki rin siguro ang kinikita ng namimili ng bote at lumang dyaryo, ano,?" tanong ni Karen. "Tiyak iyon,"sagot ni Luis.

Para sa mga batang ito, ang marangal na gawain ay dapat ipagmalaki.

___1. Ano ang ginagawa ng mga bata sa kuwento?
A. Kumakain B. Naglalaro
C. Nagtitinda D. Nagguhit

___2. Ano ang ibig sabihin ng "humigit-kumulang sa isandaang piso"?
A. tiyak ang halaga ng pera B. kulang ang halaga ng pera
C. hindi tiyak ang halaga ng pera D.eksakto sa isang daang piso

___3. Ano kaya ang nararamdaman ng mga magulang nina Luis at Karen?
A Nahihiya sila. B. Natutuwa sila.
C. Nagugulat sila. D. Naawa sila.

___4. Ano-anong mga salita ang nagsasabi tungkol kina Luis at Karen?
Sila ay ____________________________ .
A. malinis at matipid B. masipag at matipid
C. magalang at matulungin D. mapagbigay at maawain.

___5. Alin sa sumusunod ang nagpapakitang marangal ang ginagawa nina Karen at Luis?
A. Pinag-uusapan nila ang kita nila.
B. Ipinagmamalaki nila ang pera sa alkansya.
C. Nais nilang gumawa ng paraan para kumita ng pera.
D. Nanghingi sila ng pera upang makaipon.

**B. Panuto:** Basahin at unawain ang teksto at sagutin ang mga tanong kaugnay dito. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang bago ang bilang.

Mahalagang tauhan si Miguel Malvar sa kasaysayan ng ating bansa. Siya ang huling heneral ng mga sundalo na sumuko sa mga Amerikano. Isang katipunero si Miguel Malvar. Namuno siya sa pag-atake sa mga Kastila sa Talisay, Batangas. Nakisama siya at ang kanyang pangkat sa mga puwersa sa Cavite na pinamumunuan ni Aguinaldo. Ginawa siyang Tenyente Heneral ni Aguinaldo sa

lalawigan ng Batangas. Ang punong himpilan niya ay nasa Lipa, Batangas. Nang madakip si Aguinaldo ng mga Amerikano, si Malvar ang naging pinuno ng mga rebolusyunaryong puwersa o takas. Hinikayat niya ang mga Pilipino na ipagpatuloy ang paglaban sa mga Amerikano.

___6. Ang binasang teksto sa itaas ay halimbawa ng
A. balita B. palastas C. talambuhay D. resipe

___7. Sino ang huling heneral ng mga sundalo n sumuko sa mga Amerikano?
A. Apolinario Mabini B. Miguel Malvar
C. Emilio Aguinaldo D. Andres Bonifacio

___8. Saan siya ginawang Tinyente Heneral ni Aguinaldo?
A. Oriental, Mindoro B. Talisay, Batangas
C. Laguna D. Lipa City

___9. Ano ang nangyari kay Malvar nang madakip ng mga Amerikano si Aguinaldo?
A. Naging pinuno ng mga aktibista
B. Naging pinuno ng mga Pilipino
C. Agad siyang sumuko sa mga Amerikano
D. Naging pinuno ng Rebolusyunaryong Puwersa o Lakas

___10. Bakit mahalaga sa kasaysayan ng ating bansa si Miguel Malvar?
A. Hindi siya sumuko sa mga Amerikano.
B. Siya ang paboritong heneral ni Emilio Aguinaldo
C. Siya ang unang Pilipinong nakipaglaban sa mga Amerikano.
D.Siya ang huling heneral ng mg sundalo na sumuko sa mga Amerikano.

**II. Panuto:** Iguhit ang masayang mukha (☺) kung tama ang ipinahihiwatig ng pangungusap. Malungkot na mukha naman (☺ ) kung hindi tama.

_______11. Ang tugma ay nagpapaganda sa diwa ng tula ang alin mang paraan ng pagtutugma.

_______12. Ang talinghaga ay maririkit na mga salita na ginagamit upang masiyahan ang mga mambabasa.

_______13. Ang tugma ay pagkakapare-pareho ang dulong tunog ng dalawa o higit pang taludtod.

_______14. Sa maayos na pagbasa ng tula ay magiging mabisa at kapupukaw ng interes ng mambabasa.

_______15. Ang pagsulat ng tula ay di- maaaring maiugnay sa sariling emosyon at karanasan.

_______16. Ang talambuhay ay salaysay ng mga pangyayari sa buhay ng isang tao mula sa kaniyang kapanganakan hanggang sa kasalukuyan o hanggang sa kaniyang kamatayan

_______17. Ang talambuhay ay maaaring pangyayari ng isang buhay ng hayop.

_______18. Ang talatang nagsasalaysay ay may pasok o indensyon sa pasimula ng talata.

_______19. Maaaring hindi magsimula sa malaking titik sa pagsulat ng talata.

_______20. Mabisa naman ang maikling talata kung may sigla at kilos ang kaisipang nakapaloob.

***SUMMATIVE TEST 2 ANSWER KEY:***

| I. | II. |
|---|---|
| | 11.<br>12.<br>13.<br>14.<br>15.<br>16.<br>17.<br>18.<br>19. |